


Ang Pag-uunawa sa Planong Aksyon sa Katarungang Edukasyon ng Ontario: Pilyego ng Katotohanan ng Magulang

Ang pagtitiyak ng katarungan ay isang pinakabuod na layunin ng sistemang pampublikong edukasyon na pinopondohan ng Ontario, na itinakda sa *Pagkakamit ng Kahusayan: Ang Panibagong Pananaw para sa Edukasyon sa Ontario* (2014).



Ito ay nagmumula sa isang pangunahing prinsipyo na ang bawa't mag-aaral ay dapat magkaroon ng pagkakataon na magtagumpay sa personal at pang-akademya, anuman ang karanasan, pagkakakilanlan o personal na kalagayan.

Ang katarungan ay konektado rin sa lahat ng mga pangunahing saligan pangitain ng ministro para sa edukasyon, mula sa pagkakamit ng kahusayan sa pagtataguyod ng kapakanan at dagdagan ang pagtitiwala ng publiko sa ating sistemang edukasyon. Ito ay isang kritikal na bahagi ng karanasan ng mag-aaral, at sa buod ng aming pangako sa pagtagumpay ng bawa't mag-aaral at bata sa Ontario.

Planong Aksyon sa Katarungang Edukasyon

Ang **Planong Aksyon sa Katarungang Edukasyon ng Ontario** ay lumilikha ng daan upang kilalanin, at alisin ang mga gawi ng diskriminasyon, mga sistemang hadlang at pagkiling mula sa mga paaralan at silid-aralan. Ang plano ay nagbibigay-daan sa ministro na mapabuti ang suporta sa tagumpay at kapakanan ng lahat ng mga mag-aaral. Kabilang sa ilang mga pangunahing aksyon ay ang: pagtitiyak sa kurikulum na tumutugon sa kultura at mga gawi sa

pagtuturo, pagkikilala sa mga paraan upang hikayatin ang mga magkakaibang komunidad na makilahok sa mga Parent Involvement Committees (PIC) [Komite ng Pagsangkot ng Magulang] at mga konseho ng paaralan, at pagtataguyod ang propesyonal na pagtuturo at pag-aalis ng mga hadlang para sa mga grupo na hindi pa kinakatawan.

Ang pagbubuo ng 2009 Equity at Inclusive Education Strategy (Katarungan at Napapabilang na Estratehiyang Edukasyon) ng ministro, ang tatlong-taong plano na ito, na magsisimula sa 2017-18 taong paaralan, ay kasama ang pagtatrabaho sa mga mag-aaral, mga magulang, mga tagapagturo, mga punong-guro, kawani ng lupon, mga tagapangasiwa, at mga pinuno ng komunidad upang buhayin ang planong aksyon. Sama-sama, maaari tayong patuloy na magtayo ng mga kapaligirang pag-aaral sa mga paaralan sa Ontario na nagbibigay inspirasyon sa bawa't bata at mag-aaral upang maabot ang kanilang buong potensyal at maging matagumpay, produktibo sa pangkabuhayan at aktibong nakikibahagi na mga mamamayan.

Upang makatulong na matanto ang mga layunin na nakabalangkas sa planong aksyon, ang Ministro ng Edukasyon ay lumikha ng **Education Equity Secretariat (Kalihiman ng Katarungang Edukasyon)**. Ang kalihiman ay magtatrabaho upang tulungan iugnay ang mga agwat at tugunan ang mga pagkakaiba sa tagumpay para sa mga mag-aaral ng Ontario sa pamamagitan ng mga bagong patakaran, mapagkukunan at mga opsyon sa programa, at may makatotohanang mga layunin na tutulong sa lahat ng mag-aaral.

Ang karanasan ay ipinapakita sa atin na kapag tumuon tayo sa isang maliit na bilang ng mga malinaw na pagkilos, mas malaki ang tagumpay natin sa pagkamit ng ating mga layunin, at mas mahusay na magagawang subaybayan ang ating resulta. Ang Planong Aksyon sa Katarungang Edukasyon ng Ontario ay nagtatakda ng apat na mga lugar na may mga partikular na aksyon na tutulong sa atin upang labanan ang mga patuloy na hindi makatarungan sa sistemang edukasyon - ang lahat ay may layunin sa pagpapabuti ng kapakanan at tagumpay ng mag-aaral.

Mga lugar ng aksyon sa plano:

- **Mga Gawi sa Paaralan at Mga Silid-aralan** - pagtitiyak na ang mga gawi sa paaralan at silid-aralan ay sumasalamin at tumutugon sa pagkakaiba-iba ng lahat ng mga mag-aaral at kawani, upang ilarawan nila ang mga pangangailangan at katotohanan ng lahat ng mag-aaral. Ang isang paraan sa pagsasagawa nito, ay ang pagtatrabaho sa mga kasosyo sa edukasyon, mga mag-aaral, mga magulang at mga komunidad upang suriin at matugunan ang anumang mga sistematikong hadlang na itinayo sa ating sistema upang mas higit pa ang mga mag-aaral ay maaaring magkamit at pagpatuloy ang kanilang mga piniling daan sa trabaho, kolehiyo, pag-aaral ng pangangalakal o unibersidad.
- **Pamamagnugot, Pamumuno at Mga Gawi ng Pagkukunang Tao (Human Resource)** - pagtitiyak na ang pagkakaiba-iba ng mga guro, kawani at mga lider ng sistema ng paaralan sa mga paaralan ng Ontario ay sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng kanilang mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang pagrerekrut, pagkukuha at pagsulong ng mga tagapagturo at paaralan at mga sistemang pinuno. Ang isang halimbawa nito ay ang paggamit ng mga director ang kanilang mga taunang ulat upang iulat ang kanilang pag-unlad sa pagtutugon sa mga layunin ng katarungan.
- **Pangongolekta ng Data, Pagsasama-sama at Pag-uulat** - pangongolekta at pagsusuri ng demograpikong data ay magbibigay ng isang malinaw na pag-uunawa kung sino ang mga mag-aaral at kawani ng Ontario, na nagpapahintulot sa ating mga paaralan at sistemang pinuno na tugunan nang husto ang

mga hadlang sa tagumpay ng mag-aaral. Ang boluntaryong data na kinokolekta ay hindi lamang kabilang ang lahi at etnisidad, kundi pati na rin ang relihiyon, oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian. Ang planong aksyon ay makakatiyak na ang koleksyon ng data ay nakahanay sa buong sektor ng edukasyon at nagbibigay ng suporta para sa pagtatasa ng lupon ng paaralan. Ang data ay gagamitin upang ipaalam ang lokal na paggawa ng desisyon.

- **Ang Pagbabago ng Kultura sa Organisasyon** - tinitiyak na ang mga pinuno ng sistema, guro, kawani at mag-aaral ay nananatiling nakatuon sa paglilikha at pagtataguyod ng mga kapaligiran na sumusuporta sa isang makatarungan at napapabilang na sistemang edukasyon. Ito ay isang kinakailangang kondisyon upang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral sa Ontario ay nararamdaman na nabibilang, iginagalang at maaaring magtagumpay. Ang bahagi nitong gawain ay kasama ang pagsasagawa ng pagrepaso upang makilala at matugunan ang anumang mga hindi makatarungan sa mga istruktura, patakaran, programa at gawi ng Ministro ng Edukasyon.

Ang Pasulong na Daan:

Ang daan sa katarungan ng Ontario ay patuloy na sinusuportahan ng mga kontribusyon ng libu-libong mga kapuna-punang tagapagturo, mag-aaral at mga magulang. Habang tayo ay nakagawa ng mahusay na mga hakbang, malinaw na mayroon pang mas maraming trabahong gagawin.

Ang pagsisiguro na ang katarungan ay isang kinakailangang pundasyon para sa pagpapabuti ng tagumpay ng mag-aaral, ang kapakanan ng mag-aaral at kawani, at pagtataguyod ng pagtitiwala sa pinondohang pampublikong sistema ng paaralan. *Ang Pagkakamit ng Kahusayan* ay isang ambisyosong pangitain na naghahamon sa sistemang edukasyon upang magtapos sa mga akademikong matagumpay na mga mag-aaral, na madaling makibagay din at nakatuon, nagmamalasakit, may tiwala at may kakayahang mamamayan.

Para sa higit pang impormasyon kung paano tinutugunan ng Ministro ng Edukasyon ang katarungan sa mga pinondohang pampublikong paaralan ng Ontario, mangyaring bisitahin ang: ontario.ca/educationequity